

ANG ATING ADVENTURE

Isang Kweto mula at Puso ng Baragana



Ang Pamilya ng Tatlong Magkakapatid

Erica Asaldo



Sa isang masayang barangay, nakatira ang pamilya nina Allan, Mikay, at Momoy kasama ang kanilang masisipag na magulang. Hinahangaan sila ng lahat ng kanilang mga kapitbahay dahil sa kanilang kabutihan at pagtutulungan sa bawat araw.



Isang hapon, umuwi ang kanilang ama mula sa trabaho na may dalang isang pirasong hinog na mangga lamang para sa kanilang tatlo. Humingi ng paumanhin ang ama dahil ito lang ang kanyang nakayanan, ngunit agad na ngumiti si Allan at sinabing paghahatian na lang nila ito.



Masayang nagsalo-salo ang tatlong magkakapatid sa iisang mangga sa loob ng kanilang tahanan. Natutunan nila na mas sumasarap ang anumang pagkain at mas lumalaki ang saya kapag ito ay pinagsasaluhan nang may pagmamahalan.



Habang masayang namimitas ng atis sa bakuran makalipas ang ilang araw, biglang sumigaw si Mikay dahil sa nakitang ahas malapit sa puno. Nanlaki ang mga mata ng magkakapatid sa takot habang nakaturo ang bata sa madamong bahagi ng bakuran.



Bilang panganay, mabilis na kumilos si Allan upang protektahan ang kanyang mga nakababatang kapatid at dinala sila patungo sa loob ng kanilang bahay. Agad nilang ibinalita sa kanilang mga magulang ang nakitang panganib para humingi ng tulong.



Agad na kinuha ni Tatay Manny ang kanyang gamit at maingat na hinanap ang ahas sa paligid ng mga puno ng atis. Kahit hindi na niya ito nakita, nagpasya siyang linisin nang mabuti ang bakuran at alisin ang mga matataas na damo para sa kaligtasan ng mga bata.



Noong gabing iyon, nag-usap sina Nanay Abi at Tatay Manny tungkol sa balak nilang pagpasyal sa mga bata sa Masbate. Gusto nilang mawala ang takot ng mga anak at muling sumaya ang mga ito sa piling ng kanilang lolo at lola.



Kinabukasan, nagising ang magkakapatid sa amoy ng masarap na almusal na may kasamang mangga, mani, at melon sa hapag-kainan. Tuwang-tuwa sila nang malaman na bibiyahe sila patungong Masbate para sa isang espesyal na bakasyon.



Pagdating sa Masbate, sinalubong sila ng mahigpit na yakap nina Lolo at Lola sa kanilang malawak na bakuran. Naglaro ang mga bata sa damuhan, kumain ng masasarap na pagkain, at nakatanggap pa ng munting regalo para sa kanilang pag-aaral.



Sa kanilang pag-uwi, puno ng pasasalamat sina Allan, Mikay, at Momoy sa kanilang mga magulang dahil sa masayang karanasan. Nagyakap ang buong pamilya nang may malaking ngiti, batid na ang kanilang pagmamahalan ang pinakamahalagang kayamanan sa lahat.